

**Mga Impormasyon para sa mga dayuhang nakatira
sa bansang Hapon**

Tagalog

2013



Asian Women's Empowerment Project

**Mga
nilalaman**

	Panimula		P1
1	Mga nararapat na gawin para tumira sa bansang Hapon	(1) Visa: Status of residence (2) Pamamaraan matapos maka-entry ng bansa (3) Mga Dapat na tandaan	P2 P4 P6
2	Mga dapat na gawin sa ward office	(1) Rehistro ng mamamayan at pamilya,Regulasyon sa pagrehistro ng nakatirang mamamayan (2) Mga rehistrong nararapat na gawin sa ward office	P7 P9
3	Serbisyong Pampubliko	(1) Insurance at Pension (2) Child Support (3) Social Welfare	P12 P12 P14
4	Gabay sa Mapayapang Pamumuhay sa Hapon	(1) Para sa mga impormasyon (2) Counseling services (3) Pag-aaral ng wikang Hapon	P15 P15 P18
5	Trabaho at ang mga Kababaihan	(1) Para sa pagtatrabaho sa Hapon (2) Paraan paano maghanap ng trabaho (3) Labor Contract Kasunduan sa trabaho (4) Social Insurance (5) Equal Employment Opportunity Act for Men and Women (6) Worker's Compensation Insurance (7) Kapag tumigil sa trabaho (8) Buwis ng mga nagtratrabaho Income tax	P19 P19 P20 P20 P21 P22 P23 P23
6	Kalusugan ng mga Kababaihan at Aging Society	(1) Health Insurance Service (2) Social insurance para sa mga matatanda	P26 P28
7	Pagpapanganak at pag-aalaga ng anak	(1) Magmula sa Pagpapanganak hanggang sa pag-aalaga ng anak (2) Pag-aalaga ng sanggol Child rearing (3) Pagpapanganak/pag-aalaga ng sanggol at ang mga social insurance (4) Nursery paalagaan ng bata	P29 P31 P32 P33
8	Mga bata	(1) Edukasyon at paraan para makapasok sa paaralan	P34

	(2) Suporta para sa pag-aaral	P35
	(3) Suporta para sa bayarin sa paaralan.	P35
	(4) Hague Convention	P37
9	Magmula Karahasan hanggang makapagsarili	
	(1) Domestic Violence Karahasan	P38
	(2) Pagtakas o pagkawala magmula sa DV.	P39
	(3) Mga institusyon maaaring pagkunsultahan	P40
	(4) Pangangalaga ng mga bata	P42
	(5) Resident Registration	P43
	(6) Suporta para maging independent.	P43
10	Nasyonalidad ng Hapon at pamimili ng nasyonalidad	
	(1)Nasyonalidad	P44
	(2) Ano ang Nasyonalityad mo?	P45
	(3) Japanese Nationality Law	P45

Panimula

Itong booklet ay kabuuan ng mga batas at kapaki-pakinabang na impormasyon para sa mapayapang pamumuhay ng mga dayuhang kababaihan sa bansang Hapon, ito ay nasa madaling wikang Hapon at naka-salinwika sa Tagalog. Ang mga baguhang dayuhan ay mahirap makakuha ng sapat na kaalaman tungkol sa batas at mga kapaki-pakinabang na impormasyon ng Hapon, dahil na ang halos nasa wikang Hapon (Kanji) at nasa teknikal na mga salita ang mga ito.

Ang AWEP (Asian Women's Empowerment Project) ay nagsimula sa pagbibigay ng mga impormasyon at konsultasyon sa telepono para sa mga dayuhang babae mula ng "Great Hanshin Awaji Earthquake disaster". Dahil sa lindol na ito, nalaman ang pagkakaiba o gap sa pagbibigay impormasyon sa pagitan ng Hapon at mga dayuhang babae lalo na ang taga Asya. Sa ngayon, marami na ring mga guidebook na nakasalinwika kaysa noong nakaraang panahon. Maaaring makakita rin sa internet ng mga nakasalinwikang impormasyon. Ngunit hindi lahat may kaalaman tungkol sa pamamaraan ito. Ang bawat tao na nakatira sa Hapon ay may karapatan kahit na ano pa ang kanyang nasyonalidad. Ang bawat isa ay mayroong karapatan na alamin ang tungkol sa mga ito.

Gumawa kami ng kabuuan tungkol sa mga nararapat na alaming impormasyon ng mga dayuhang babae at ng kanilang mga pamilya. Karamihan sa mga nakalap na impormasyon ay nakabatay sa mga palatanungan at konsultasyon sa telepono ukol sa mahahalagang impormasyon para sa mga dayuhang babae at isinulat ito sa simple at madaling wikang Hapon at nasa wikang Ingles rin.

Ito ay bagong edisyon ng guidebook noong taong 2011. Ang guidebook na ito ay maaaring gamitin rin ng ibang mga grupo o institusyong tumatanggap ng konsultasyon ng mga dayuhan o maaari rin na gamitin pansarili sa pangangasiwa at sa ilalalim ng pananagutan ng asosasyon. Maraming teknikal na mga salita at makabagong mga nilalaman. Mga tungkol sa Immigration law, pagrehistro ng residensya, mga batas at mga panibagong sistema ng gobyerno. Makipag-ugnayan lamang sa amin kung may nais na malaman tungkol sa guidebook. Gagamitin rin ito bilang sanggunian para sa hinaharap.

Kahit na hindi kabilang sa partido, nagnanais ang asosasyon na gamitin ang guidebook upang malaman at maunawaan ang mga problemang hinaharap ng mga kababaihang dayuhan. Hangad rin naming makatulong ang guidebook na ito sa karamihan.

Asian Women's Empowerment Project

1. Mga nararapat na gawin para tumira sa bansang Hapon

(1) Visa: Status of residence

① Entry Visa

Nararapat na kumuha ng Visa na magmula sa consulate of Japan para sa pag-entry sa bansang Hapon. Maraming uri ng Visa, ito ay inaayon sa layunin at haba ng pananatili sa bansa. Kapag-naka entry sa bansa, makakatanggap ng status of residence. May mga pagkakataon rin na hindi maaaring makapasok ng bansa.

② Resident status (Visa)

Ang resident status ay ayon sa layunin at haba ng panahon na ilalagi sa bansa. Katulad ng dayuhang mag-aaral, trabaho para sa industriya o asawa ng Hapon. Mayroong 27 na uri ng resident status. Ngunit halos karamihan ay ang mga asawa ng Hapon.

Certificate of Resident Eligibility

Kung may kasiguruhan na ang layunin sa pagpunta sa bansang Hapon, katulad ng trabaho o pagpapakasal, maaaring kumuha ng Certificate of Resident eligibility bago pumasok ng bansang Hapon. Kinakailangan na i-apply ang 'Authorization of Resident Status sa Ministry of Justice Immigration Bureau at kapag matapos makakuha na nito, kailangang i-apply agad ito sa Consulate of Japan para makakuha ng visa para sa pagpasok sa bansa.

Long-term visa

Sa ibang pagkakataon, maaaring makakuha ng long-term visa ayon sa dahilan o layunin sa paglalagi sa bansang Hapon. Katulad ng may dugong Hapon o may mga kamag-anak o ninunong Hapon, o mga single mother. Para sa pag-aalaga ng anak na Hapon, maaaring makapag-apply ng long term visa. Ngunit kung walang anak sa Hapon, at maiksi lamang ang paglalagi sa bansa, maaaring hindi makakuha ng long term visa.

Permanent visa

Kung sakaling mahaba na ang paglalagi sa Hapon, maaaring makapag-apply para sa permanent visa. Ang permanent visa ay makakatulong sa paglalagi ng permanente sa

bansang Hapon.Ito rin ay walang limitasyon sa layunin at haba ng paglagi sa Hapon.

Asawa ng Hapon at ang anak

Kapag nakapangasawa ng Hapon,maaaring makakakuha ng spouse visa.Kapag kinasal sa Pilipinas o sa ibang bansa, kinakailangang mag-apply ng Certificate of resident eligibility para sa pag-entry sa Hapon.Nararapat din na may kasama itong mga papeles tulad ng family registration, marriage contract,residence certificate ng asawa, income tax return certificate, at guarantor.Kahit na sa minor age , nararapat rin na magbigay ng family registration ng magulang na Hapon.Maaari itong i-apply sa immigration for Certificate of resident eligibility.

③Residence card

Makakatanggap ng resident card ang mga dayuhang nakatira sa Hapon .Kapag hindi ito natanggap ng pag-entry sa bansa, dalhin ang passport at i-apply ito sa ward office na nasa area ng tirahan.Ipapadala sa inyo sa pamamagitan ng postal mailing ang resident card.Ang nilalaman ng resident card ay ang pangalan ,kaarawan ,kasarian, nasyonalidad,, area, tirahan, uri ng resident status at ang expiration date nito.

Maaaring mabilanggo ng hindi aabot sa isang taon o maaaring magmula ng mas mababa sa halagang 200,000yen kapag hindi dala ang resident card lalo na kung nararapat na ipakita ito.Laging dalhin ito.

Petsa ng pagkakaroon ng bisa ng resident card

Permanent visa

mahigit sa 16 na taong gulang 7 taon magmula sa pagkakaloob.

Wala pa sa gulang na16 hanggang sa sumapit ang ika-16 na taong kaarawan.

Hindi permanent visa

16 taong gulang pataas ,7 taon magmula sa petsa ng pagkakaloob nito.

Wala pang 16 taong gulang kapag sumapit na ang araw na pagkawala ng bisa ng sumapit na ang ika-16 na taong kaarawan (kung alin man ang mauuna sa dalawa)

(2) Pamamaraan matapos maka-entry ng bansa

①Pag-renew ng status of residence

Walang notice magmula sa imigrasyon kaya't nararapat alamin at tandaan ang pagkawala ng bisa ng status of residence. Tatlong buwan bago mawala ang bisa nito, kinakailangang ipa-renew na ito.

Ang mga kinakailangan mga papeles ay ang Certificate of tax ng asawa, family registration ng asawa.

(nararapat na rehistro ng lahat ng miyembro ng pamilya) Certificate ng garantiya, residence certificate ,passport, alien card or resident card at litrato.

Nagkakahalaga ng 4000 yen at aabutin ng isa hanggang dalawang linggo ang proseso.

②Pagpalit ng uri ng status of residence

Kapag ang visa ay para sa maikling paglagi o ibang uri ng visa nang pumasok sa bansa, maaaring palitan ito ng ibang uri ng visa. Katulad ng pagiging asawa ng Hapon ,nararapat na magpalit ng status ng residence para sa spouse visa. Kailangang pumunta sa pinaka malapit na immigration at humigi ng application form na naaayon sa magiging visa.

③Pag-apply para sa permanent resident visa

Kung sakaling mapahintulutan ang pagbigay ng permanent visa, maaaring tumira sa bansa ng walang limitasyon, ngunit tuwing ika-7 taon nararapat na i-update ang resident card.

④Re-entry visa(visa para sa pagpasok ulit sa bansa)

Kung gustong magpunta sa ibang bansa, at magpasiya na maglagi ng hindi aabot sa isang taon, hindi na kailangan na mag-apply ng re-entry visa. Subalit kung mahigit sa isang taon ang paglagi sa ibang bansa, nararapat na mag-apply ng re-entry visa.

Ang mga requirements ay ang mga sumusunod: Passport, alien card o resident card at halagang 3000 yen para sa isang beses na re-entry o 6000 yen para sa maramihang beses na pagre-entry.

⑤Para sa pag-imbita ng kamag-anak,(asawa , anak o magulang)na pumunta sa bansang Hapon.

Para sa visa ng anak para makapunta ng bansa.

Ang mga may permanent visa o long term visa ,ay maaaring mag-imbita ng anak ng dating asawa na nasa sariling bansa at maaari silang bigyan ng long term visa kapag menor de edad.Nararapat na mag-apply ang guarantor na Hapon, para sa certificate of eligibility sa immigration.Kapag napahintulutan ang certificate of eligibility, dalhin ito sa embassy ng Hapon na nasa Pilipinas at mag-apply ng visa para sa anak.

<<Pag-imbita ng magulang>>

Mahirap makakuha ng visa para sa pag-imbita ng magulang, pero sa dahil sa walang mag-aalaga ng magulang na nasa 70 taong gulang pataas na nasa Pilipinas maaaring mapahintulutang makakuha ng designated activities visa. Magmula sa short term visa, maaaring i-apply ito ng designated activities visa.

⑥Para sa special permission sa paglagi ng bansa

Kung overstaying , ang Ministry ng Katarungan ay maaaring magbigay ng pahintulot sa pagkakaloob ng visa para sa mga espesyal na kaso kaugnay nito.Ang tawag dito ay “ZAITOKU”.Ilan sa mga ito ay ang mga kasal sa Hapon, o may anak sa Hapon na kinakailangang gampanan ang pagiging magulang ay maaaring mabigyan ng visa dahil sa espesyal na kaso ang mga ito.Bago magpunta sa immigration, kumunsulta muna sa NGO na tumutulong sa mga dayuhan.

<<Mga institusyong maaaring kunsultahin tungkol sa visa>>

①Information Center of the Immigration Office

tel.0570-013904 o 03-5796-7112

Kobe Immigration Office tel. 078-326-5141

Osaka Immigration Office tel.06-4703-2150

②Kunsultasyon para sa maikling paglagi (90 araw na paglagi o tourist visa)

Para sa pag-imbita ng mga magulang o kamag-anak para sa short term stay, tumawag lamang sa tel.03-5501-8431(machine operator) Ministry of Foreign Affairs.

③Consultation Support Center for Foreign Residents

tel.03-3202-5535<http://www.cinga.or.jp/CSCR.htm>

Address:2-44-1Kabuki-cho, Shinjuku-ku Tokyo c/o Tokyo Kenko Plaza 11th fl.

Kunsultasyon para sa mga dayuhan tungkol sa visa o resident status.

Mga wikang maaaring gamitin: Ingles, Intsik, Espanyol, Portuguese, Vietnam,Bengal at Indonesia.

Magmula Lunes-Biyernes 9:00AM-12:00PM 1:00-4:00PM

④NGO Network for Foreigner's Assistance KOBE 078- 232-1290 Free counselling

Tuwing Biyernes magmula 1:00PM -8:00PM

Mga maaaring gamitin wika:Ingles,Espanyol,Portuguese,Tagalog

Ayon sa nilalaman na gustong ikunsulta maaari ring magpakilala ng lawyer o administrative scrivener. Sa pamamagitan rin ng mail ay maaaring kumunsulta ng walang bayad

(3)Mga Dapat na tandaan

Kinakailangan na ipaalam kung lilipat ng tirahan sa ward office ng bagong tirahan.Kahit na sa parehong city or street lumipat dapat na gawin ang mga sumusunod:

- 1.Kumuha ng certificate ng paglilipat sa ward office sa dating tinirahan.
- 2.Bago sumapit ang ikalabing apat na araw matapos lumipat,nararapat na ibigay ang cerificate sa paglilipat sa bagong ward office.,dahil kung hindi ito magagawa magmumulta ng hindi aabot sa halagang 200,000 yen.Kapag umabot ng 90 araw ang hindi pagpaaalam ng paglilipat, ito ay isang paglabag sa immigration control act at maaaring mawalan ng bisa ang status of residence.

Kapag may pagbabago katulad ng pagdiborsiyo ,o pagkamatay ng asawa, importanteng ipaalam ito bago sumapit ang ika -14 na araw.

2. Mga dapat na gawin sa ward office

City ward office

Mayroong city ward sa bawat siyudad o ward.Ito ay para magbigay serbisyo sa mamamayan,katulad ng pagbibigay ng certificate ng rehistro ng tirahan.at rehistro

ng pamilya. Maaari ring mag-apply ang mga dayuhan para sa social services at ibang mga serbisyo, Mayroon ring ward office na may tagapag-salinwika.

Sa Kobe city hall may mga tagapagsalinwika na maaaring makausap sa telepono. Ang mga maaaring gamiting wika ay ang Ingles, Intsik, Korean, Espanyol, Portuguese at Vietnamese.

(1) Rehistro ng mamamayan at pamilya, Regulasyon sa pagrehistro ng nakatirang mamamayan

① Rehistro ng tirahan

Resident registration

Lahat ng mamamayan ng bansa ay nakarehistro ang tirahan sa ward office na malapit sa tirahan. Magmula nang Hulyo 2012, lahat ng nakatirang dayuhan sa Hapon ay nakarehistro sa ward office. Ngunit walang resident card para sa mga mamamayang Hapon, at bilang pagpapatunay ng rehistro, maaaring ipakita ang driver's license, health insurance card or student's ID.

Certificate ng rehistro ng tirahan

Ang nilalaman nito ay ang pangalan kasarian, kaarawan at address. Mayroong certificate maging proxy sa pagkuha ng certificate of resident registration kahit na dayuhan..

Rehistro ng mga nakatirang mga dayuhan

Magmula nang Hulyo 9, 2012, ang lahat ng nakatirang mga dayuhan sa bansang Hapon ay nararapat na magrehistro katulad ng mga mamayang Hapon at maaaring bigyan ng residence certificate. Ang mga kasal sa Hapon ay kasama at nakasulat isang rehistro ng tirahan. Sa loob ng residence certificate ay maaaring ilagay ang nickname na ginagamit. Ang mga pangalan ay ayon sa basa at bigkas na nakasulat sa Hapon, at maaari ring isulat ang pangalan ayon sa bigkas sa sariling bansa.

Mayroon ring lungsod na nagpapahintulot na hindi lagyan ng ponetika ang pangalan at ginagawang blanko lamang ito, kung may ibang bigkas sa sariling bansa. Ang mga dayuhan ay binibigyan rin ng residence card. Ito ay naaayon sa residence certificate at maaaring gamitin rin ang palayaw. Matatanggap ang residence card pagkatapos nang Hulyo 8, 2013. May bisa ang residence card na nakaayon sa uri ng

visa at para sa permanent visa ,ito ay tuwing ikasampung taon.

Mga Dapat na Tandaan

Nararapat na ipaalam sa ward office kapag lilipat ng tirahan, kumuha ng certificate at ibigay ito sa bagong ward office. Bago sumapit ang pangalawang linggo matapos lumipat. Nararapat na ibigay ang certificate sa paglilipat sa ward office, dahil kung hindi ito magawa maaaring magmula ng hindi aabot sa halagang 200,000yen.

②Rehistro ng miyembro ng pamilya(Koseki)

Ang nilalaman ng rehistrong ito ay ang rehistro ng magulang at ang anak na hindi pa pa kasal. Naglalaman rin ito tungkol sa pag-ampon ng anak, kasal, diborsyo kasal at pagkilala ng anak. Ito ay pagpapatunay na isang miyembro ng pamilya at bilang isang Hapon. Ang address ng rehistrong ito ay sa tirahan ng lola, lolo, at kadalasan, hanggang sa mga anak nito. Maaari ring hindi nakarehistro ito sa sariling address. Kapag nag-asawa ang anak nararapat na gumawa ng pansariling koseki o rehistro ng sariling pamilya, na naglalaman ng mga pangalan, kaarawan ng anak at pangalan ng magulang .

Rehistro ng pamilya at ang mga extract

Maaaring kumuha ng certificate ng rehistro ng pamilya sa ward office. Maaari ring magapapatunay ito ng kasal at diborsyo. May dalawang uri ng certificate na ito . Ang una ay naglalaman ng lahat ng miyembro ng pamilya (Kosekitohon) at ang pangalawa naman ay ang pansarili o indibidwal lamang (Kosekishohon). Parehoitong nakukuha sa ward office na nakarehistro.

Kinakailangan malaman ang lugar ng ward office na nakarehistro , pangalan ng mga pamilya at ang pinuno ng tahanan o pamilya na nakasulat sa rehistro kapag kukuha ng certificate nito.

Ang dayuhan may asawang Hapon, ay hindi nakasulat sa pangalang nakarehistro pero nakasulat lamang ang tungkol sa kasal o pagkakaroon ng anak papanganak at pagkikilala na anak (katalusan). Ang kosekitohon ay nagpapatunay rin ng kasal , kumuha ng kopya nito at maaaring magamit ito sa maraming paraan.

(2)Mga rehistrong nararapat na gawin sa ward office

①Rehistro ng kasal (marriage registration)

Kapag kinasal sa Hapon, dahilan sa iba ang nasyonalidad, ang bawat isa ay may iba't ibang pamamaraan ng pagrehistro o sistema ng kasal. Nararapat na alamin at isagawa ang mga ito.

<Sistema ng pagkasal>

- 1.Mag-aaply lamang ng rehistro sa ward office para magpatunay ng kasal.
- 2.Ang seremonya ng kasal ay kahit na hindi ganapin.

<Mga kinakailangan sa pagkasal>

- 1.Ang lalaki ay magmula sa 18 taong gulang hanggang pataas, at ang babae ay magmula sa 16 na taong gulang pataas.
- 2.Hindi maaaring ikasal kung kasal na sa iba.
- 3.Kapag menor de edad kailangan ng pahintulot ng magulang.
- 4.Para sa babae , nararapat na may pagitan ng anim na buwan mahigit, matapos magdiborsyo sa naunang asawa.
- 5.Hindi maaaring ikasal sa malapit na kamag- anak.(consanguineous marriage)

Rehistro ng kasal (marriage registration)

Kapag ikakasal sa Hapon, nararapat sa pamamaraan ng kasal ng Hapon.

Sa mga Hapon, ay Marriage registration at family registration lamang ang kinakailangan na ibigay sa ward office, pero ang ang dayuhan ay nararapat na magbigay ng mga sumusunod.

- Mga maaaring magpatunay ng nasyonalidad katulad ng passport, o birth certificate)
- Alien registration o resident card
- Nagpapatunay na kasal na galing sa embassy ng Japan o consulado ng sariling bansa.

(nararapat na naka-salinwika ito sa Hapon)

- Application form at affidavit

Mga dayuhan,rehistro ng pamilya, at ang mga pangalan

Kapag kinasal ang Hapon,kailangang ilipat sa sariling family registration at humiwalay sa Koseki ng magulang.Karaniwan na nakasulat ang pangalan ng asawa, pero kapag dayuhan ang napangasawa, hindi kasama sa loob ng family

registration. Ang nakalagay lamang ay ang tungkol sa kasal at pagkilala ng anak. Hapon man o dayuhan, matapos irehistro ang ang kasal, hindi maaaring magbago ang apelyido. Ngunit sa batas ng Hapon, matapos ng anim na buwan na pagrehistro ng kasal, nararapat na magbigay ng application para sa pagpalit ng pangalan sa ward office sa division ng Koseki upang marehistro at magamit ang bagong pangalan.

Kapag ipinanganak ang anak sa Hapon, ireport ito sa ward office na nakarehistro ang tirahan. Kapag ang tatay o nanay ay Hapon, isusulat ang rehistro ng panganak sa Koseki ng magulang at ang nasyonalidad ng anak ay Hapon. Para sa pagrehistro ng Koseki, nararapat na dalhin ang birth certificate, report ng panganganak at maternity notebook. Makukuha ang birth certificate at rehistro nito sa ipinanganakan na ospital. Maaari ring gumamit ng proxy sa pagkuha nito, kung may sign ang birth registration. Maaari ring irehistro at isulat ang pangalan sa Katakana. Parehong pangalan ang nakasulat sa rehistro at sa Koseki.

Kapag ang magulang ay Hapon, at ipinanganak ang anak sa ibang bansa.

Nararapat na i-report ang kapanganakan sa embassy ng Hapon sa bansang pinanganakan bago magtatlong buwan matapos ang pagreport ng birth, at magbigay na rin ng application sa pagreserba ng nasyonalidad. Sa pag-apply nito, mananatili ang nasyonalidad na Hapon at nakasulat rin ito sa loob ng Koseki. Ngunit kung hindi mag-apply nito, mawawala ang nasyonalidad na Hapon.

②Kapag ang magulang ay parehong dayuhan

Kahit na ipinanganak sa Bansang Hapon, hindi maaaring makakuha ng nasyonalidad na Hapon kung parehong dayuhan ang magulang. Bago sumapit ang ikalabing-apat na araw ng pagkapanganak, nararapat na i-report ito sa ward office na tinitirahan. Magmula sa ward office, bibigyan ng residence certificate, dalhin ito bago mag ika-30 araw matapos ng pagkapanganak anak sa immigration, upang mabigyan ng status of residence ang anak. Magbibigay rin ang immigration ng residence card matapos ng pag-apply ng visa ng anak. Dapat pumunta sinuman sa magulang sa embassy ng sariling bansa, at magbigay ng birth report upang magkaroon ng nasyonalidad ang anak.

Para sa middle names at compound names

Sa Hapon, walang middle names. Sa loob ng Koseki o family registration, ang pangalan ay mananatiling pareho, pero sa pangalan ng anak, ay maaaring lagyan ng middle names.

Katulad, ng pangalang, "Smith Hanako", ang apelyido ay Yamada, Yamada Smith Hanako

ang maaaring ilagay sa loob ng Koseki. Para sa dayuhang magulang, maaaring ilagay ang apelyido, kasama ang apelyido ng asawang Hapon.

③ Para sa pagdiborsyo

Diborsyo sa pamamagitan ng pag-uusap

Kapag International marriage, iba't iba ang pamamaraan ng bawat bansa sa pagdiborsyo. Sa Hapon, ang isang uri nito ay ang pag-uusap ng mag-asawa para sa mga kondisyon ng bawat isa at pagkatapos mag-usap, ibibigay lamang ang pinirmahang divorce paper sa ward office. Kung hindi magkausap ng maigi, at hindi magkasundo sa bawat isang kahilingan, nararapat na mag-apply ng divorce by arbitration (pag-uusap tungkol sa diborsyo sa family court). Kung hindi pa rin magkausap ng mabuti, judicial divorce ang nararapat na i-apply (diborsyo sa pamamagitan ng paglaban sa korte).

Custody ng anak at compensation

Matapos ng pagdiborsyo, ang custody ng anak ay mapupunta sa kung sinuman sa magulang. Pag-uusapan rin ang tungkol sa pangastos para sa edikasyon at paghati ng mana sa mga pag-aari. Ang custody ng anak ay ayon sa pag-uusap sa korte or sa desisyon ng husgado. Ngunit kadalasan ay napupunta ang custody sa ina. Mayroong malaking pagkakaiba sa laki ng halaga ng education fee o hati sa pag-aari sa bawat paraan ng pagdiborsyo, kung magkano ang napag-usapan sa family court o sa judicial court. Naayon rin sa pampinansyal na kakayahan ng bawat isa ang halaga na makukuha. Pagkatapos ng dalawang taon ng diborsyo ang limitasyon ng paghati ng mga pag-aari o mana, at ang paghingi ng compensation naman ay tatlong taon ang limitasyon, matapos malaman ang mga katotohanan ng dahilan ng pagdiborsyo.

④ Seal para sa pagpirma

Sa Hapon, ginagamit ang "hanko" para sa pagpirma. Ang "hanko" ay maaaring

iparehistro sa ward office at humingi ng certificate of official registration of seal.ito ay ginagamit kapag uupa ng bahay o kapag pipirma sa isang kontrata.Maaari ring magparehistro ang mga dayuhang may alien registration o resident card .

3.Serbisyong Pampubliko

(1) Insurance at Pension

①National health Insurance

Sa bansang Hapon, mataas ang halaga ng pagpapagamot sa ospital.Dahilan dito halos lahat ng mamamayan ng Hapon ay may National health insurance.Ang National Health insurance ay para sa mga hindi regular na tauhan ng kompanya, pagawaan, o gobyerno.Katulad rin ng mga asawang babae, sila ay nakapasok sa insurance ng asawa ngunit kapag nagdiborsiyo, nararapat na mag-apply ng National Health Insurance.

②National Pension

Lahat ng nakatira sa Hapon , kahit na ano pa ang nasyonalidad, na nasa edad na 20 taong gulang hanggang 60 taong gulang ay kailangang mag-apply ng national pension.

Ito ay patakaran ng Hapon na nararapat na magbayad ng pension sa loob ng 25 taon.Kapag namatay bago makatanggap ng pension, ang kamag-anak ang makakatanggap ng pension na tinatawag na “ Kiso Nenkin”,at kapag nagkasakit o magkapinsala na naging dahilan ng pagiging disabled person, maaaring makakuha ng pension na itinatawag na “Shougai Kiso Nenkin”.Kapag nakapagbayad ng pension ng mahigit na tatlong taon bago mamatay, makakatanggap ng temporary welfare for death of family.Ayon sa sariling pinansyal na kakayanan , kung hindi kayang magbayad ng pension, ito ay puwedeng babaan o bawasan, o maaari ring kahit na hindi na magbayad ng pension (exemption). Kumunsulta lamang sa ward office.

(2)Child Support

①Child allowance system

Magmula nang taong 2012 , nagsimula ang bagong sistema na tinatawag na Child allowance.

Ito ay para sa mga may anak na nasa edad na 0 hanggang 15 taong gulang (sa unang Marso 31 pagkatapos maging 15 taong gulang). Walang kinalalaman ang nasyonalidad sa sistemang ito. Kahit na dayuhan ay maaaring makatanggap nito. Kahit na nasa ibang bansa ang anak, ay maaari ring makatanggap nito. Sa batang wala pang tatlong gulang ay makakatanggap ng 15000yen bawat buwan. 10000yen naman para sa batang nasa mahigit na tatlong taong gulang hanggang makatapos ng mababang paaralan.

Pataas ng tatlong gulang hanggang sa elementarya, 10000 yen ang bawat bata. (15000 yen para sa pangatlong anak), at para sa junior high school ay 10000 yen. Ito ay by bank transfer tuwing Pebrero, Hunyo at Oktubre. Kinakailangang ibigay ang ipinadala ng ward office na papele na tinatawag na “genkyou todoke. Ito ay para malaman nila ang present na status. Nararapat rin na magreport kapag nanganak, o nagbago ng tirahan. Para sa pag-apply nito, magpunta sa ward office (child division) at dalhin ang seal, bank book at health insurance.

②Child dependency allowance

Itong sistemang ito ay para sa mga diborsyadong magulang na may anak, o anak na may malaking kapansanan sa katawan. Ito ay naglalayong mapalaki ang mga anak ng malusog at mabuti. Ito ay matatanggap hanggang 18 taong gulang. (sa unang Marso 31 matapos maging 18 taong gulang). Na nagkakahalaga ng 41,430 yen para sa bawat anak, o bahaging kabayaran na nagkakahalaga ng 9,780 yen hanggang 41,420 yen. May karagdagang 5000 yen para sa pangalawang anak o para sa pangatlong o mahigit na 3000 yen para sa bawat bata. Ito ay naaayon sa yearly income ng magulang, kailangang komunsulta sa ward office muna.

Lugar na pwedeng kumunsulta

Kobe city Health Welfare Bureau Childcare Support Group third floor sa unang building ng Kobe city hall

Address: 650-8570 651 Kano-cho Chuou-ku Kobe-shi

Tel. 078-322-6342 Fax 078-322-6119

*Maaaring mag-request ng interpreter sa mga wikang Ingles, Intsik, Koreano, Kastila, Portuguese at Vietnam.

Magmula Lunes hanggang Biyernes 9:00-12:00Pm 1:00-5:00Pm

(3) Social Welfare

Welfare

Ang sistemang ito ay para sa mga may sakit, may kapansanan sa katawan, mga matatandang hindi na makapagtrabaho, hiwalay sa asawa o para sa mga mamamayan (kahit na dayuhan ay maaaring mag-apply) na hindi sapat ang sahod para suportahan at buhayin ang pamilya at upang makapagbayad ng panggamot sa ospital. Magbibigay ang gobyerno ng minimum na halaga para sa pamumuhay. Ito ay nakakatulong rin para sa pagbayad ng matrikula ng anak, at para rin suportahan ang mga naghahanap ng trabaho upang makapagsarili.

Hindi maaaring tumanggap ang mga may savings sa bangko o may malaking pag-aari. Maaaring kumuha ng suporta ang mga single mother o biktima ng domestic violence, na walang mga ari-arian o perang dala para mabuhay. Kumunsulta lamang sa welfare office na malapit sa tirahan. Ang mga uring suporta na maaaring matanggap magmula sa welfare ay ang mga sumusunod:

Para sa pagkain at kailangan sa pang-araw araw na bagay

Para sa funeral o paglibing ng taong kumuha ng suporta magmula sa welfare

Suporta para sa pag-aaral para sa teknikal na kaalaman sa trabaho o suporta para sa pagpasok sa paaralan.

Para sa suporta sa pag-confine sa ospital para sa panganganak. (minimum na halaga)

Mga nararapat na kabayaran para sa compulsory education ng anak.

Para sa upa ng bahay o apartment na tinitirahan.

Sa pagtanggap ng suportang ito. Hindi maaaring gamitin o mag-apply ng health insurance. Ang welfare ang magbabayad ng bawat patingin sa ospital. Magbibigay ang welfare ng papeles na dapat na ibigay sa ospital.

Lugar na maaaring kumunsulta

NGO Gaikokujin Kyuen Net

Tel. 078-232-1290 (tuwing BIyernes 1:00Pm-8:00 Pm) Walang bayad ang pagkunsulta

May tapag-salinwika ng Espanyol, Ingles, Portuguese at Tagalog.

4. Gabay sa Mapayapang Pamumuhay sa Hapon

(1) Para sa mga impormasyon

<Kobe city homepage <http://www.city.kobe.lg.jp/>>

Mga wikang maaaring magamit:

Intsik, Koreano, French, Espanyol, Portuguese, Vietnam at Ingles.

Maraming mga pangunahing impormasyon tungkol sa Kobe city . May homepage rin ang ibang area .Para sa karagdagang impormasyon,tumawag lamang sa AWEP.

<Mga impormasyon mula sa AWEP>

May mobile network ang AWEP na nagbibigay ng mga impormasyon sa mga dayuhang nakatira sa bansang Hapon.irehistro lamang ang mail address sa AWEP at magbibigay ng impormasyon (isa hanggang dalawang beses sa isang buwan)sa pamamagitan ng mail.Kung gustong kumunsulta tungkol sa kabuhayan sa Hapon, tumawag at kumunsulta sa AWEP> (may mga tagapagsalinwika rin ng mga wikang Ingles, Portuguese at Hapon.tuwing Miyerkoles

Magmula 11:00Pm -16:00Pm)

Tel/Fax 078-734-3633

E-mail address awep@tcc117.org <http://www.tcc117.org/awep/>

(2) Counseling services

① Para sa Pagkonsulta para sa pamumuhay

The Kobe Foreigner's Friendship Center

Maaaring kumunsulta para sa pamumuhay o para sa edukasyon. Nagsusuporta rin sila para sa paglakad ng mga gawain sa ospital o sa ward office. Mayroon rin silang klase para sa pag-aaral ng Hapon.

- Pagkonsulta para sa tirahan at edukasyon.
- Pagsuporta para sa mga pamamaraan sa Ospital at ward office.
- Pag-aaral ng wikang Hapon.

(May pagbabago ng tuition fee kung by group or by individual ang pag-aaral.)

- Suporta para sa pag-aaral sa elementarya o junior high school.

(1000 yen hanggang 5000 yen ang tuition fee)

• Pagsuporta para sa pag-umpisa ng negosyo atb.

Tel. 078-612-2402 (magmula 9:00am -6:30Pm Mon-Fri.)

Fax 078-612-3052 e-mail kfc@social-b.net

Website <http://www.social-b.net/kfc/main.htm> (Japanese page)

The Young Women's Christian Association of Japan (YWCA)

Ang YWCA ay maraming programa ukol sa suporta ng pag-aaral ng Hapon.Maaari ring malaman sa pamamagitan ng homepage ang mga ito.Kahit na alin man ang kasarian ay maaaring sumali sa mga programa ng YWCA.

Kobe YWCA <http://www.kobe.ywca.or.jp/top/> (Ingles at Hapon)

Osaka YWCA <http://osaka.ywca.or.jp/english/about.html> (Ingles at Hapon)

Kyoto YWCA <http://kyoto.ywca.or.jp/> (Ingles at Hapon)

(Lalaki man o babae ay maaaring sumali sa pag-aaral ng Hapon)

Nishinomiya City International Association

May ginaganap na konsultasyon para sa pamumuhay(tuwing 9:45Am-6:00Pm).Ang konsultasyon sa wikang Ingles ay araw-araw at ang konsultasyon sa wikang Intsik ay tuwing weekdays lamang.Tumawag lang kapag may konsultasyon sa ibang wika bukod sa Ingles at Intsik, ipaaalam na lamang by e-mail. nia@nishi.or.jp

Tel. 0798328680

Website <http://www.nishi.or.jp/homepage/nia/jigyosoudan/jigyosoudan.html>

International Center of Understanding in Sasayama

May konsultasyon sa pamumuhay na maaaring gumamit ng apat na wika tuwing Miyerkoles.Magmula 9:00Am-12:00Pm ay sa wikang Tagalog at Intsik at magmula 1:00Pm -4:00Pm ay sa wikang Ingles at Portuguese.

Tel/Fax 079-590-8125 079-590-8126

E-mail : sasayama.kokusairikai@gmail.com

Website :

<http://www.hnpo.comsapo.net/weblog/myblog/555?STYPE=1&KEY=1161&LIST=1>

(website sa wikang Hapon)

②Serbisyo para sa pagsalinwika

Kobe SGG club

Tel/Fax 078-891-5816 E-mail kobesgg@kobesgg.org

- Pagsama at pagsalingwika sa mga ospital at mga institusyon ng Gobyerno.

Pagtulong sa pamamagitan ng translation sa Check-up ng kalusugan ng mga nagbubuntis,regular na check-up at sa mga pagbibigay ng mga papeles sa mga ahensya ng gobyerno.

Pagsalinwika sa mga window sa iba`t ibang lugar.

Para sa pag-apply ng tagapagsalinwika, nararapat na ipaalam bago mag-isang linggo .

Serbisyo para sa pagsalinwika sa mga medikal na institusyon.(1,500 yen sa loob ng apat na oras)

Ang mga gamit na wika ay Indonesian,Thai,Ingles,Russian,Portuguese, Intsik,Vietnamese,Espanyol,Arabo at Koreano.May mga tagapagsalinwika sa mga sumusunod na mga ospital rin.

Kobe Shitritsu Iryou Sentaa Chuo Shimin Byouin (Chuo-ku port island)

Kobe Shiritsu Iryou Sentaa Nishi Shimin Byouin (Nagata-ku ,Ichiban cho)

Nishi Kobe Iryou Sentaa (Nishi-ku, Kojidai)

Para sa pag-apply at iba pang mga impormasyon:

Chuo Shimin Byouin 078-302-4321 (para sa wikang Hapon)

Nishi SHimin Byouin 078-576-5251 (para sa wikang Hapon)

Nishi Kobe Iryou Sentaa 078-997-2200 (sa wika Hapon)

Multilanguage Center FACIL

(3)Pag-aaral ng wikang Hapon

Organization	For whom	When	Where
Kobe International Community Center	People over 18, resident in Kobe longer than one month and able to participate at least 6 months.	First 45 applicants accepted on the first weekday of each month.	Kobe International Hall 20F 8-1-6 Miyuki-dori, Chuo-ku, Kobe 〒651-0087 TEL : 078-291-8441
-Hello in Japanese- @Catholic Social Work Kobe Center (Sinapis Kobe)	Anyone	Thursdays 10 : 30~12 : 00, 13 : 30~15 : 30 Sundays 13 : 30~15 : 30	Catholic Kobe Central Church 1-28-7 Nakayamate-dori, Chuo-ku Kobe 〒650-0004 TEL : 078-271-3248
Jidokan (Children's Center): Japanese Plaza	Parents and children are accepted	Fridays 16 : 30~17 : 30	Ninomiya Children's Center 1-3-2 Ninomiya-cho Chuo-ku, Kobe 〒651-0093 TEL : 078-242-6411
Kobe Student Youth Center Rokko Scholarship Fund Japanese Language Salon	Anybody	Mondays 9 : 00~17 : 00 Saturdays 9 : 00~17 : 00 (About 2 hours for each person)	1-1-1 Yamada-cho Nada-ku, Kobe 〒657-0064 TEL : 078-851-2760
Suminoe Town Hall Japanese Language Class	adults	Tuesdays 18 : 30~20 : 30	2-1-3 Sumiyoshi Miyamachi, Higashinada-ku Kobe-shi 〒658-0053 TEL : 078-822-1300
Japanese Language Plaza Okamoto	Anyone	Wednesdays 10 : 00~20 : 00 Saturdays 10 : 00~16 : 00	Aiko-Gakuin Nakamachi School 4-18-22 Motoyama Nakamachi, Higashinada-ku, Kobe 〒658-0016 TEL : 078-453-5931
Kobe Children's Nikoniko Association	Children	Thursdays 16 : 00~18 : 00 Saturdays 16 : 00~18 : 00	Honjo Community Welfare Center 2-5-1 Honjo-machi Higashinada-ku, Kobe 〒658-0022 TEL : 078-453-7440
Higashinada Japanese Language Class	Anyone	Everyday except Tuesdays and holidays 13 : 00~18 : 00	Multicultural Center Hyogo 4-12-20-201 Fukaeminami-machi, Higashinada-ku, Kobe 〒658-0022 TEL : 078-453-7440
KFC Kobe Foreign Resident Support Center Japanese Language Project	Children	Elementary School Children Tuesdays, Wednesdays & Thursdays 16 : 00~18 : 00 Junior High School Students Wednesdays・Thursdays 18 : 30~20 : 30	Astaquesta North Bl. 502 4-4-10 Wakamatsu-cho, Nagata-ku Kobe 〒653-0038 TEL : 078-612-2402
	Adults	Everyday individual/group lessons	
Minami-Suma Town Hall Japanese Language Reading and Writing Class	Adults	Mon. -Fri. 10 : 00~20 : 00 Sat. 10 : 00~17 : 00	2-2-3 Aoba-cho, Suma-ku, Kobe 〒 654-0038 TEL:078-735-2770
Tamatsuminami Town Hall	Adults	First and third Saturdays 13 : 00~15 : 00	314 Kamiike Tamatsu-cho, Nishi-ku, Kobe 〒651-2126 TEL : 078-914-4300

5. Trabaho at ang mga Kababaihan

(1) Para sa pagtatrabaho sa Hapon

Ang mga may permanent visa , asawa ng may permanent visa o long term visa ay malayang maghanap ng trabaho ng walang limitasyon.Kinakailangang humingi ng pahintulot sa immigration para sa mga may student visa na gustong magtrabaho ng part time.At nararapat na humingi ng permission sa pagtatrabaho.Maaari ring papalitan ang resident status na naaayon sa katangian ng trabaho.May malaking pagkakataon ang mga dayuhang babae na magkaroon ng trabaho sa pag-salinwika.Para naman sa mga dayuhang may maliit na anak na gustong mag-part time ,nararapat na mag-aral ng Hapon , kumuha ng mga lisensya na magagamit sa pagtatrabaho para sa hinaharap ng pamilya.

(2)Paraan paano maghanap ng trabaho

①Public Employment Security Offices (Hellowork)

Sa Employment office na ito, ay maaaring kumunsulta tungkol sa gustong maging trabaho, at nag-papakilala rin sila sa mga kumpanya ng mga tauhan. Nakarehistro ang mga impormasyon ng mga trabaho sa bawat hellowork nang buong bansa.Dahilan nito ay madaling makita ang mga kumpanyang nangangailangan ng tauhan. Magpunta lamang sa pinakamalapit na hellowork para sa paghingi ng mga payo at impormasyon sa trabaho.May tagapagsalinwika rin sila sa iba't ibang wika(Gaikokujin Koyo Service Center).Nagbibigay rin sila ng mga impormasyon at counseling sa mga trabaho para sa mga dayuhan sa tulong ng tagapagsalinwika.

②Work dispatching agents “Haken”

Ang pag- dispatch sa ibang kumpanya ng tauhan ay tinatawag na “Haken”.Sa nadispatch na kumpanya malalaman ang uri at gagampanang trabaho.May batas na tinatawag na “The Worker Dispatch law” na ang nilalaman nito ay para pangalagaan ang mga empleyado.

(3) Labor Contract Kasunduan sa trabaho

Sa pagtrabaho, ay mayroong mga kasunduan sa trabaho. Halos lahat ng kontrata ay nakasulat sa Hapon, kaya't nararapat na ipalawanag ng kumpanya ang nilalaman ng kontrata. Importanteng malaman muna nang maliwanag ang nilalaman ng kontrata bago pumirma.

Nilalaman ng kontrata

① term o period ng pagtrabaho ② Lokasyon at nilalaman ng trabaho ③ kung may trabaho pa matapos ng nakasunduang oras ng pagtrabaho (overtime) ④ Oras ng umpisa at pagkatapos ng trabaho, breaktime, holidays o walang pasok ng kumpanya ⑤ Sahod, paraan ng pagbayad ng sahod, kailan ang bayaran ng sahod ⑥ sa oras ng pagtigil ng trabaho o pagpapatigil ng kumpanya sa pagtrabaho.

Osaka Employment Service Center for Foreigners

Tumutulong sila sa mga nangangailangan ng trabaho. Katulad ng mga exchange students na nakatapos ng pag-aaral at gustong magtrabaho sa Hapon, mga dayuhang gustong magtrabaho na may kinalalaman sa teknikal na trabaho.

Mayroon rin na mga tagapagsalinwika, Ingles, Intsik, Portuguese, at Espanyol.

Magmula Lunes-Biyernes 1:00Pm-6:00Pm Tel. 06(7709)9465 Fax 06(7709)9468

Osaka-shi kita-ku Kakuda-cho 8-47 Hankyu Grand bldg. 16th floor

E-mail gaikokujin@osaka-rodo.go.jp

(4) Social Insurance

Sa lahat ng kumpanya sa loob ng Hapon ay may mga insurance para sa mga empleyado, katulad ng health insurance, pension, worker's accident insurance, at ang unemployment insurance. Nararapat na sumali sa social insurance policies kapag may lima o mahigit pa na tauhan sa isang kumpanya. Obligadong magbayad ang kumpanya ng kalahating halaga para sa bayad ng insurance ng mga tauhan.

Social insurance para sa part timer

Maaaring sumali sa social insurance ang part time worker kung mahigit na sa

dalawang buwan na nagtrabaho at mahigit sa 3/4 na oras ng regular na staff ang pinapasok. Para sa mga maikling oras na tauhan, ay nararapat na mag-apply ng pansariling health insurance at pension. Kapag 1,300,000 yen ang income sa isang taon, kasali sa insurance ng asawa na namamasukan sa isang kumpanya at hindi na nararapat na magbayad ng pansariling insurance. Kapag lumagpas ng 1300000yen ang income sa isang taon, nararapat na mag-apply ng pansariling insurance (National Health insurance).

Health insurance at pension

Para sa pangangalaga ng mga empleyado ng kumpanya, nararapat na sumali sa health insurance at pension ng kumpanya. Ito ay para sa pag-garantiya sa pagtanda (pension), at kapag nagkasakit o aksidente. Ang nakapsaok na pangalan sa loob ng insurance, ay maaari ring gamitin ito. May pension rin na maaaring matanggap sa pagtanda. Ang bayad sa insurance ay naaayon sa halaga ng sahod ng empleyado. Kalahati ang babayaran ng kumpanya sa insurance. Bawat buwan, sa loob ng sahod inaawas insurance. Para makatanggap ng pension sa pagtanda, nararapat na magbayad ng insurance ng 25 na taon.

(5) Equal Employment Opportunity Act for Men and Women

Ang lalaki ay nararapat na magtrabaho at ang babae ay nararapat na magsilang ng anak, hindi ito nakakaiba kahit na sa alinmang bansa. Mahirap magtrabaho katulad ng lalaki, kaya't may batas (Danjo Koyo Kikai Kinto Hou) na lahat na kababaihan ay pangangalagaan magmula sa discrimination at pangangalagaan rin tuwing maternity care.

① Pagbabawal ng discrimination (Prohibition of Gender Discrimination Based on the Equal Employment Act)

- (1) Nararapat na walang discriminasyon sa pagtanggap ng tauhan.
- (2) Walang sexual discrimination sa loob ng kumpanya
- (3) Sa welfare at benefits nito
- (4) Sa pagpalit ng uri ng trabaho

(5)Kapag hihinto na sa pagtrabaho, pinatigil sa trabaho, retirement, at sa pag-renew ng kontrata. Ay nararapat na walang discrimination.

(6)At kahit na anong mga indirect na discrimination ay pinagbabawal rin.

②Pagbawal ng pagtanggap sa trabaho nang dahilan ang kasal at pagbubuntis.

Ang pinagtrabaho ay hindi maaaring magtanggap ng tauhan na ang dahilan ay kasal at pagbubuntis.

③Sexual Harassment

Ang sexual harassment ay ang seksuwal na pagnanasa at pambabastos sa loob ng pinagtrabahuan.May karapatan na ipaglaban ng mga tauhan kapag may sexual harassment at kapag ito ang dahilan na lumiban sa trabaho.Hindi nararapat na maganap ang sexual harassment.

④Pamamahala ng kalusugan sa pagbubuntis at panganganak.

Pagbubuntis at panganganak

Ayon sa Maternal and Child Health Act,nararapat nang medikal na eksamin at patnubay para sa kalusugan ng mga nagbubuntis.Nararapat rin na sundin ang mga patnubay na ito at nararapat na pagaanin ang trabaho o baguhin ang oras ng trabaho.

(6)Worker's Compensation Insurance

Sa lahat ng kumpanya ay nararapat na sumali sa Worker's Compensation Insurance(Kahit na isa lamang ang tauhan, nararapat na sumali sa insurance na ito) Sa oras ng aksidente habang nagtrabaho o pagnagkasakit, ang insurance na ito ang magbabayad ng bayad sa ospital at suweldo na hindi naipasok.Ang kumpanya ang magbabayad ng insurance na ito.Kapag naaksidente sa oras ng pagpunta sa trabaho o pag-uwi magmula sa trabaho,magbabayad rin ang insurance para sa mga bayad ng ospital o pagpapagamot.Nararapat na magsabi sa kumpanya kapag naaksidente sa trabaho o sa oras ng pagpunta sa trabaho o pag-uwi magmula sa trabaho.Kapag walang kilos ang kumpanya, kumunsulta sa NGO.

(7)Kapag tumigil sa trabaho

①Dismissal

Ayon sa Labor Standard Law,Nararapat na bago ika-30 na araw nararapat na ipaalam kung matatanggal sa trabaho ang tauhan.Kapag hindi sinunod ito, magbabayad ang kumpanya ng average na suweldo para sa mahigit na 30 na araw na sahod.Kahit na sa mga tauhang nagtrabaho ng mahigit na 14 na araw lamang, na nasa probationary period(pagsubok ng trabaho) ay nararapat na ipaalam rin bago ika-30 araw.

②Unemployment Insurance System

Kapag tumigil sa trabaho, o pinaalis sa trabaho, mayroong matatanggap na panggastos habang walang trabaho.kapag sumali sa Unemployment Insurance System.Ang layunin nito, ay para suportahan ang nawalan ng trabaho para sa pang-araw araw na panggastos(basic allowance) habang naghahanap ng bagong trabaho.Maaari ring tumanggap ang mga dayuhang tauhan.Sa mga kumpanya o sa hellowork (employment office)ang pagsali sa insurance na ito.

(8)Buwis ng mga nagtrabaho Income tax

May dalawang uri ng buwis para sa mga nagtrabaho.Income tax at resident tax. Ang income tax ay binabayaran sa mga lokal na taxation offices at ang resident taxaman ay sa mga municipal o ward offices.

Resident tax

Ito ay may dalawang bahagi,ang una ay 1000 yen para sa prefectural resident tax at 3000 yen para sa municipal resident tax.Ang pangalawang bahagi ay naaayon sa nakalipas na isang taong income tax.4% para sa prefectural resident tax at 6% para sa municipal resident tax.

Income Tax Self Assessment System

May dalawang uri ng pag-file ng income tax. Ang isang uri nito ay ang kumpanya ang mag-file ng income tax at ang pangalawa ay sariling pag-file ng income tax.Karaniwan ay binabawas na sa suweldo ang income tax.Nararapat na alamin kung magkano ang kinita sa isang taon at ipaalam ito sa tax office.Bawat taon,may

oras ng pag-file ng tax. Sa pag-file nito maaaring bumalik ang binayad na tax.

Income tax - Tax Withholding System

Ang kumpanya ang nagbabawas sa sahod ng tauhan ng tax at ibinabayad ito sa gobyerno. Ito ay tinatawag na withholding system. Obligado na magbayad ang mga tauhan magmula sa kanilang sahod ng tax.

Original Record of Withholding for Employment Income

Nag-iissue ang mga kumpanya ng Original Record of Withholding for employment income na naaayon sa adjustment ng trinabaho ng katapusan ng taon. Hanggang Enero 31 ang bigayan ng Original Record of Withholding for Employment Income magmula sa kumpanya (ito ay naaayon sa batas na Artikulo 226, Income Tax Act). Kakailanganin ito sa pag-file ng tax, ito ay nagpapatunay rin na nagbayad na ng buwis.

Year-End Adjustment

Karaniwan sa mga kumpanya, binabawas na sa sahod ng mga tauhan ang tax at ibinabayad nila ito sa gobyerno. Sa katapusan ng taon, ginaganap ang adjustment ng income tax, kung sumobra ang tax ay ibabalik ito at kung kulang naman ay i-aadjust ito sa huling sahod. Ito ay tinatawag na year-end adjustment, hindi na nararapat na i-file ito sa tax office. Kapag humigit sa dalawampung milyon yen ang kinita sa isang taon, hindi maaaring gawaan ng year-end adjustment at nararapat na i-file ito sa tax office.

Final Tax Return (Kapag ang pinapasukan ay mahigit sa dalawang kumpanya)

Kapag may tinatrabahuang 2 o mahigit na kumpanya, nararapat na mag-file ng tax. Matapos ng year-end adjustment at kapag mayroong sahod sa ibang kumpanya, (kasama ang upa ng bahay atbp.) at umabot mahigit sa halagang, 200000yen, nararapat na i-file ito sa tax office bago mag-ika-15 ng Marso.

Paraan ng pagkwenta ng income tax

Magmula sa kabuuan ng sahod sa isang taon, inaawas ang mga iba't ibang gastos na nararapat sa pamumuhay at sa mga bagay na ginagamit sa trabaho, matapos ay minumultiply ito sa difference na naaayon sa chart na nasa ibaba. Kasama na sa pagkwenta ang mga nabayaran na tax rin.

Para sa pag-file nang sariling income tax, (kabuuan ng sahod ng mga hindi residente ng lugar o residente ng lugar) ay naaayon ito sa percentage ng file ng income tax na

nakasulat sa ibaba.

Individual income tax rates

Brackets of taxable income		Tax rates
-	Or under 1,950,000 yen	5%
Over 1,950,000 yen	Or under 3,300,000 yen	10%
Over 3,300,000 yen	Or under 6,950,000 yen	20%
Over 6,950,000 yen	Or under 9,000,000 yen	23%
Over 9,000,000 yen	Or under 18,000,000 yen	33%
Over 18,000,000 yen	-	40%

Employment income deductions	
Employment income	Employment income deductions
Up to 1,625,000 yen	650,000 yen
Over 1,625,000 yen and up to 1,800,000 yen	(employment income) x 40%
Over 1,800,000 yen and up to 3,600,000 yen	(employment income) x 30% + 180,000 yen
Over 3,600,000 yen and up to 6,600,000 yen	(employment income) x 20% + 540,000 yen
Over 6,600,000 yen and up to 10,000,000 yen	(employment income) x 10% + 1,200,000 yen
Over 10,000,000 yen and up to 15,000,000 yen	(employment income) x 5% + 1,700,000 yen
Over 15,000,000 yen*	2,450,000 yen

Restoration Income Surtax

Magmula ng Enero 1, 2013, hanggang Disyembre 31, 2037, nararapat na magbayad ng 2.1% na restoration income surtax magmula sa nai-file na income tax.

Homepage ng Tax office (English Version)

2015 INCCME TAX GUIDE FOR FOREIGNERS

<http://www.nta.go.jp/tetsuzuki/shinkoku/shotoku/tebiki2015/pdf/43.pdf>

on sa income tax ng isang empleyado. Ang Nagkwekwenta ng buwanan na babayaran na insurance ay ang nakatakdang tao ng ward office at ang tauhan ng National Health Insurance.

Kunsultasyon para sa mga problema sa trabaho
NPO Kansai Occupational Safety and Health Center
0120-631202(Free dial)English and Spanish
06-6943-1527
NPO Hyogo Occupational Safety and Health Center
078-382-2118

6. Kalusugan ng mga Kababaihan at Aging Society

(1) Health Insurance Service

① National Health Insurance para sa mga hindi nagtatrabaho sa kompanya.

Ito ay para sa mga part-time worker, self-employee or sa mga hindi nagtatrabaho. Nagbibigay ng benepisyo para sa aksidente, sakit o sa panganganak. Ito ay binabayaran buwan-buwan at naaayon sa yearly income at bilang ng miyembro ng pamilya. Maaari ring kumunsulta kung nahihirapang magbayad ng insurance. Maaaring hulugan o magbigay ng kaunting discount sa pagbayad.

7. nsurance and National Pension Section. Kapag mahuhuli o hindi makabayad ng insurance bill, makipag-kunsulta lamang sa ward office. Sa bawat city hall ng bansa, may sistemang maaaring hulugan lamang ang bayad nito.

② Ano ang National Health Insurance ?

Paano ang paggamit ng National Health Insurance?

②A-Sa oras ng sakit o pinsala

Kapag magpapatingin sa ospital, huwag na malilimutan na dalhin ang insurance at ipakita ito sa reception. Kahit na anong uri ng insurance ay may bahaging babayaran ng pangsarili. Sa ospital, kwekwentahin ang bahaging babayaran ng pangsarili. Kapag may anak na hindi pa nag-aaral, 20% off, magmula sa elementarya hanggang 69 na taong gulang ay 30% off at mahigit na 70 na taong gulang ay 10% off ang babayaran sa ospital.

②B-Provision of One Time Lump Sum Delivery Allowance

Kapag nanganak ang may National Health insurance, may matatanggap na 420,000yen para sa specified na ospital, at para sa panganganak sa pangkaraniwan ospital ay 390,000yen ang matatanggap. Ipakita lamang ang health insurance, Mother and Child Notebook at notification of birth sa pag-apply nito.

②C-Para sa gastos sa paglibing

Magbibigay ang insurance ng 50,000 yen para gamitin sa mga gastos sa paglibing.

②D-Malaking gastos sa Ospital o sa pagpapagamot

Kapag lumaki ang babayaran sa pag-confine sa ospital o malaking gastos sa pagpapagamot para sa mahabang araw, maaaring mag-over ang limit cost na babayaran. Sa ganitong pangyayari, ibalik ng insurance ang nagastos na nag-over ng limit cost. Nararapat na ipaalam ito sa ward office para maibalik ang kabayaran.

③Ang mga uri ng insurance na ginagamit ng mga trabahador sa isang kumpanya.

③ A-Social health insurance ang ginagamit, para sa trabahador ng isang kumpanya. Ito ay ginagamit hindi lamang sa trabaho kundi sa ibang dahilan na pagkasakit, aksidente, at pagpapanganak rin. Kasama na rin ang mga asawa at anak sa insurance na ito, Cover rin ng insurance na ito ang pagpapagamot ng pamilya. Sa sistemang ito, isang bahagi ang babayaran ng insurance at ang 30% ang babayaran ng pagpapagamot sa ospital.

③-B Invalidity benefit

Kapag may pinsala na hindi naganap sa trabaho o nagkasakit ang mga

nagtrabaho sa kumpanya o mga government workers na umabot sa mahigit na apat na araw ang di pagpasok ,maaaring makatanggap ng invalidity benefit magmula sa insurance.60% ng suweldo ang matatanggap.Hanggang isang taon at anim buwan makatanggap ng benefit magmula sa insurance.Makatanggap pa rin ng benefit kahit na umalis sa trabaho ng wala pang isang taon at anim na buwan.Makipagkunsulta lamang sa assigned na tauhan ng kumpanya.

(2) Social insurance para sa mga matatanda

①Long term insurance

Narapat na sumali sa long term insurance magmula sa gulang na 40 na taong gulang.Ito ay gagamitin kapag nasa edad na 65 na taong gulang na narapat ng care-giving services.Ang bayad nito ay kasama sa pagbabayad ng health insurance.

②Pension benefit

Magmula sa edad na 65 na taong gulang, makatanggap ng pension benefits ang mga mamayang nagbayad ng pension ng mahigit na 25 na taon.Mayroon ring disability pension (kapag may kapansanan sa katawan) at survivor's pension (sa mga pamilya na namatayan na tumatanggap ng pension).Para sa sapat na impormasyon ,kumunsulta lamang sa malapit na pension division.

③Para sa mga dayuhan na umuwi sa bansa

Lump-sum withdrawal payment system

Kapag ang dayuhan ay nagbayad ng mahigit na anim na buwan ng pension, maaaring makakuha ng kaunting halaga ng pension matapos umuwi ng wala pang dalawang taon.Narapat na ipaalam ito sa pension division.Maaaring marefund ang kaunting halaga na ibinabayad na pension.Bago umuwi sa bansa, kumuha ng application para sa refund, at matapos umuwi sa bansa, sulatan ang application at ipadala ito sa pension division.Kumunsulta muna sa pension division.

Mayroon ring mga bansa na may kaugnayan sa Social Insurance ng Hapon.katulad ng Germany, England,America, Belguim, France, Canada,Australia, Holland, Czekoslovakia,Spain, Ireland,(Switzerland at Brazil ay naghahanda pa

lamang).Maaaring ipagpatuloy at tanggapin ang ibinayad na pension sa Hapon.

Japan Pension Service Call (Wikang Hapon lamang)
0570-05-1165(Lunes-Biyernes 8:30AM-5:15PM)
http://www.nenkin.go.jp/main/individual_02/index7.html

Para sa mga elderly, kumunsulta lamang sa social insurance division.

http://www.city.kobe.lg.jp/life/support/carenet/img/english_kaigo1101.pdf

7.Pagpapanganak at pag-aalaga ng anak

(1)Magmula sa Pagpapanganak hanggang sa pag-aalaga ng anak

Ayon sa uri ng insurance hindi pareho ang halaga na tatanggapin kapag nanganak.Maraming mga pag-aalala para sa mga dayuhang kababaihan kapag nagkasakit sa ibang bansa at sa oras ng panganganak, kumunsulta lamang sa mga doktor at nurse nang walang alinlangan.Mayroon rin mga ospital na may mga tagapagsalinwika sa iba't ibang wika.Kapag walang tagapagsalinwika sa ospital makipag-ugnayan sa mga institusyong pampubliko o sa NGO group.

<<Mga institusyong may serbisyo para sa tagapagsalinwika>>

○KobeSGG club

Tel/Fax 078-891-5816 E-mail kobesgg@kobesgg.org

- 1.Pag-salinwika at pagsama sa mga institusyong ng gobyerno o mga ospital.
- 2.Health exam ng mga buntis ,regular check-up at pagtulong sa paggawa ng mga papeles na nadadalhin.
- 3.Pag-apply para sa pagsalinwika

Bago isang linggo ng pangangailangan, nararapat na mag-apply muna.Tumawag muna sa Kobe SGG.

○ Pagsalinwika sa mga medikal na institusyon at mga ospital.

(May bayad ng1500 yen hanggang 4 na oras)

Mga wikang may tagapagsalinwika: Indonesia,Thailand,Ingles,Russian, Portuguese,Intsik,Vietnamese, Espanyol,Arabo, at Koreano.

Mayroong mga ospital na may tagapagsalinwika sa mga sumusunod na ospital:

Kobe Iryou Center Kobe Chuo Shimin Byoin(Chuo, Port Island)

Kobe shi Iryou Center Nishi Shimin Byouin (Nagata-ku)

Nishi Kobe Iryou Center (Nishi-ku Kojidai)

Para sa impormasyon at application:

Chuo Shimin Byouin 078-302-4321(wikang Hapon)

Nishi Shimin Byouin 078-576-5251 (wikang Hapon)

Nishi Kobe Iryou Center 078-997-2200 (Wikang Hapon)

①Maternity Record Book

Nararapat na kumuha ng Maternity Record Book kapag nabuntis

May mag iba't ibang wikang ang maternity book katulad ng Ingles, Koreano, Intsik,Thai, Tagalog, Portuguese, Espanyol, Indonesia at Vietnam.

Ito ay kinukuha sa ward office na malapit sa tinitirahan. Isusulat rito ang pangalan ng anak, tirahan, weeks ng pagbubuntis, araw ng pagpapanganak,at ang pinupuntahang ospital para sa medikal na check-up.Maaaring proxy (kamag-anak)ang kumuha nito.Sa panglabing-apat na check-up ng bata ay may makukuhang halagang ticket na 88,000yen(nararapat na magpatingin sa parehong ospital).Mayroon ring iba't ibang serbisyo, magtanong lamang sa ward office.

②Kobe city's Service for Pregnant Women's Health Examination

Sa Kobe city, may serbisyo para sa mga buntis. Sa pagpapatingin sa ospital, bibigyan ng 14 na ticket na gagamitin para walang babayaran sa pag-check-up.(Nararapat na parehong ospital ang gagamitan ng ticket na ito.Kapag lumagpas ang limit na halaga ng ticket, nararapat na bayaran ang kulang na halaga ng pangsarili.Ang ticket na ito ay makukuha kasama ang pagkuha ng Maternity Record Book.

Para sa Impormasyon

Hoken Fukushi Kyoku Kosodate Shien Bu Boshi Hoken Kakari 078-322-6513

http://www.kicc.jp/kicc/guide/birth/index_eng.html

1)Temporary insurance para sa pagpapanganak

Kapag nasa National Health insurance, maaaring pagaanin ang mga gastos sa pagpapanganak.Kapag namatay ang bata, nalaglagan, premature delivery o sa pagpapalaglag maaari ring makatanggap ng serbisyong ito. Kapag kambal ang anak, doble rin ang halaga na makukuha.

2)Bayad sa pagpapanganak

① Karaniwan ay ang insurance ang nagbabayad sa ospital ng direkta.Kapag lumagpas ang limit na babayaran ng insurance, nararapat na bayaran ng pangsarili ang kulang na halaga sa ospital.Kapag mas malaki ang bayarin sa ospital kaysa sa serbisyo ng gobyerno, maaaring i-aply ito at makuha ang kulang na halaga sa ward office.

②Kapag nanganak sa ibang bansa, ibibigay ang one time lump sum ng cash ,matapos ng panganganak.Kailangang bayaran muna nang sarili ng cash ang panganganak.

(2)Pag-aalaga ng sanggol Child rearing

①Libreng check-up ng sanggol

Matapos ipanganak ang sanggol, nararapat na magpatingin o pacheck-up ang sanggol.Ang check-up ay maaaring maging libre sa pamamagitan ng pagpapadala ng postcard na nakalagay sa loob ng maternity book. Ang unang beses ay ang health officer ang magpupunta sa bahay para bisitahin at tignan ang sanggol.Susukatin ang bigat, taas, haba ng dibdib, at ang laki ng ulo ng sanggol.Magtanong lamang sa health officer para sa mga gustong malaman.Ipapaalam rin ang susunod na bakuna ng sanggol.

②Para sa health examination ng sanggol

Ang unang eksamin ay gaganapin sa ospital na ipinanganak.Ang pangatlo hanggang pang-apat na eksamin ay gaganapin sa health center.Nagpapadala rin ang gobyerno ng impormasyon tungkol sa mga susunod na eksamin kasama ang araw , oras at ang nilalaman nito.Parehas rin ang 9-10 months examination na sasabihin rin kung kailan ang eksamin.Sa unang taon hanggang tatlong taong gulang, ipapadala ang mga impormasyon sa eksamin ng city hall magmula sa health center. Sundin ang

araw at para sa ibang impormasyon.

③Vaccination

Matapos tatlong buwan sa panganganak, maaaring magpabakuna sa malapit na health center. Ito ay libreng vaccination, magtanong sa health center sa oras ng monthly examination.

(3)Pagpapanganak/pag-aalaga ng sanggol at ang mga social insurance

①Maternity leave

Ayon sa Labor standard Law ng Japan, nararapat na pangalagaan ang kalusugan ng ina. Maaaring mag-leave bago mag-anim na linggo ng panganganak (14 weeks kapag kambal) hanggang sa matapos nang pagpapanganak ng pang-walong linggo. Lalo na kahit walong linggo na ang nakalipas sa panganganak, kahit gustong magtrabaho ito ay labag at hindi maaaring magtrabaho. (Maaaring bumalik sa trabaho kapag may pahintulot ng doktor matapos ng pang-anim na linggo ng panganganak). Pinagbabawal rin ng batas na tanggalin sa trabaho habang may-leave.

②Parental Leave

Ito ay sistema na pag-leave sa trabaho dahil sa pag-aalaga ng anak. Magmula isang taon gulang ng anak (may case rin na hanggang isang taong at anim na buwan) maaaring mag-leave sa trabaho (lalaki man o babae) Maaaring hindi makgamit ng sistemang ito ang wala pang isang taon na pagtrabaho sa parehong kumpanya. Para sa kababaihan, matapos mag-leave para sa maternity matapos nito ay maaaring kumuha ng parental leave. Habang hindi nagtrabaho, maaari ring tumanggap ng allowances .

③allowances habang nag-leave sa trabaho.

Maternal leave allowance

Ayon sa batas ng HAon, hindi nakabanggit ang obligasyon ng kumpanya sa pagbayad ng sahod sa oras ng leave. Ito ay depende sa kumpanyang

pinagtrabahuan. Nararapat na mag-apply ng health insurance para makakuha ng allowance sa pagpapanganak. Ang allowance na ito ay para sa mga nagtrabahong kababaihan na nagdadalang tao o pagpapanganak matapos umalis sa trabaho ng wala pang anim na buwan. 60% ng isang araw na sahod ang makukuha na allowance (para sa pang-98 na araw lamang). Kung mayroong ibang nakuhang allowance magmula sa kumpanya, ito ay iaawas magmula sa tatanggapin na allowance magmula sa gobyerno. Ito ay para sa mga regular na trabahador ng isang kumpanya at may social health insurance.

Parental leave Allowance

Ang allowance na ito ay magmula sa unemployment insurance. Para makatanggap ng allowance na ito nararapat na magpunta sa hello work (may case rin na maaaring magproxy ang pinagtrabahuan.) 30% magmula sa latest na sahod ng anim na buwan ang matatanggap tuwing ika-dalawang buwan. Matapos ang anim na buwan na leave, makatanggap ng 20% allowance magmula sa regular na sahod. (Magmula sa taong 2014 Abril, 50% ng regular na sahod ang matatanggap).

Exemption sa pagbayad ng health insurance

Kapag nag-leave ang magulang na may wala pang tatlong taong gulang na anak, may exemption sa pagbayad ng insurance. Habang nag-leave sa trabaho, ang social health insurance ay exempted sa pagbabayad.

(4) Nursery paalagaan ng bata

Maaaring ipaalaga sa nursery ang anak magmula sa edad na 0 taong gulang hanggang 5 taong gulang para makapagtrabaho. Ito ay naayon sa income ng magulang. Maaaring gamitin ang sistemang ito lalo na kapag walang mag-aalaga ng anak habang nasa trabaho. Mag-apply sa ward office na malapit sa tirahan.

8.Mga bata

(1)Edukasyon at paraan para makapasok sa paaralan

①Pagpasok sa kindergarten

Magmula 4 hanggang 5 taong gulang na anak ay maaaring pumasok sa kindergarten.Ang mga batang naka-enroll sa nursery ay hindi maaaring pumasok sa nursery.Maaaring pumili at mag-apply ng gustong kinderagrten malapit sa tirahan.Kumuha ng application form sa kindergarten na gustong pasukan.

②Para sa mababang paaralan at mataas na paaralan

Magpapadala ang board of education ng pagpapaalam ng admission sa mga batang Hapon.Matapos matanggap ito, madali lang ang mga pamamaraan sa admission.Para sa dayuhang bata, nararapat na kumuha ng pahintulot magmula sa board education sa pagpasok.

Pamamaraan para sa magpasok sa elementarya

- 1)Magpunta sa malapit na board of education at magbigay ng request para sa pagpasok sa paaralan,kasama ang residence registration ng bata.
- 2)Matapos makakuha ng pahintulot na makapasok ang bata nararapat na may interview ng principal ng paaralan. Maaari ring makapasok ang dayuhang bata na naangkop sa kanilang edad.

Maaaring mag-download ng mga impormasyon para sa guidebook para sa mga dayuhang bata magmula sa homepage ng Ministry of Education.(Sa wikang Ingles, Korean,Vietnam,Tagalog,Intsik,Portuguese at Espanyol.)

③Para sa admission sa Senior high school

Matapos makatapos ng Junior high school o mag-aral ng 9 years sa ibang bansa, maaaring pumasok sa senior high shool.Kapag nakatapos sa paaralang para sa mga dayuhan, hindi maaaring pumasok sa senior high school ng Hapon.(Mayroong ring lugar na maaaring pumasok sa senior high school, magtanong sa board of esducation.)

④Para sa admission sa College

Mga requirements para sa pagpasok sa College

- ①Nakatapos ng Senior high school ng Hapon.
- ②Nakatapos ng Senior high school sa ibang bansa.(Hindi qualify na kumuha ng college exam ang mga nakatapos sa senior high school para sa mga dayuhan na nasa Japan.)
- ③Nararapat na makapasa sa entrance exam ng College.
- ④Nakatapos ng pag-aaral sa Senior high school na institusyon ng Ministry of Education ng Japan na nasa ibang bansa.
- ⑤Nakatapos sa isang foreign school sa Japan na may Baccalaureate (IB) o ABITUR system license.

(2)Suporta para sa pag-aaral

Para sa pagsuporta sa pag-aaral ng mga dayuhang bata.

May sistema rin na maaaring magkaroon ng tagapag-salinwika ang dayuhang bata.Maaaring mag-request ng supporter para sa tagapag-salinwika.Ito ay maaaring gamitin ng tatlong taon.Hindi lamang sa pag-aaral, kasama na ring ang pagsuporta sa pamumuhay sa paaralan.Sa pakikipagugnayan sa magulang ay makakatulong rin ang sistemang ito.

(3)Suporta para sa bayarin sa paaralan.

①Maaaring mag-apply ng exemption sa bayad ng lunch sa paaralan at tuition fee.Nagbibigay ang paaralan ng mga impormasyon tungkol sa mga exemption na bayaran.

Alamin ang mga requirements at ibigay ito sa paaralan kasama ang application form.Hintayin lamang ang sagot magmula sa board of education.

Para sa exemption sa mga gamit ng paaralan at pagkain .

Mag-apply sa pinapasukang paaralan. Ibigay ang application form kasama ang mga ibang requirements.

②scholarship

Ang sistemang ito ay para sa mga magulang na nahihirapang magbayad ng tuition fee at iba pang mga gamit sa paaralan. May laon rin para sa mga estudyanteng gustong magpatuloy ng pag-aaral (Student's educational loan).Maaring makakuha rin nito kung malaki ang abilidad sa pag-aaral.Tuwing Abril, may information session ang mga college students tungkol sa scholarship.

<<Scholarship ng Kobe City>>

Sa Kobe city, maaaring makakuha ng scholarship ang mga estudyanteng nahihirapang magbayad ng tuition fee.

○Exemption o pagbawas ng halaga ng tuition fee ng kindergarten sa loob ng Kobe Municipal.

Magbibigay- alam ang pinapasukang kindergarten tungkol sa application nito.Nagtatangapan tuwing Hunyo,Nobyembre at Pebrero.

○Para sa suporta sa pagbayad ng tuition fee sa private kindergarten.

Magbibigay-alam ang pinapasukang kindergarten para sa application. Iba't ibang paraan at petsa ang pagbayad ng tuition fee sa bawat kindergarten.Magtanong lamang sa administration ng kindergaten.

○Para sa high school

Libre ang pag-aaral ng sa public school ayon sa kasalukuyang paraan ng bayaran ng tuition fee.Mayroong ring mga exemption o pagbawas ng tuition fee sa mga private o vocational schools.Ibigay ang application form kasama ang ibang requirements sa pinapsukang school.

○Kobe city high school scholarships

May advance na application ng scholarship tuwing Nobyembre isang taon bago ng graduation ng pinakahuling baitang ng pag-aaral.Ang applicatin form ay makukuha sa pinapasukang paaralan.

○Pagbawas at exemption ng tuition fee ng municipal vocational high school.

Itong sistemang ito ay para sa pabawas o exemption ng tuition fee ng mga high shool na mag-aaral na hindi kasali sa Public high school free tuition fee system o nararapat na magbayad ng tuition fee kahit na tumatanggap ng subsidy system for high ○

school. Magtanong lamang sa kasalukuyang pinapasukang paaralan.

○Kobe city college scholarship

Ang application nito ay tuwing huling lingo ng Disyembre hanggang katapusan ng Enero. Magtanong ng paraan sa pinapasukang paaralan.

Marami ring iba't ibang uri ng scholarship. Magtanong lamang sa paaralan. Mayroon rin na pagpapautang ng admission fee na ginaganap sa paaralan. Alamin sa pinapasukang paaralan ang pamamaraan.

<<Hyogo Prefecture Scholarship Fund>>

Tuition Reduction/Exemption for Hyogo Prefectural High School Students

Private High School Matriculation Loan

Tuition fee Reduction/Exemption for Private High School Students

*Magtanong lamang sa pinapasukang paaralan para sa mga impormasyon sa iba't ibang scholarship.

Japan Finance Corporation(JFC)

<http://www.jfc.go.jp/n/english/index.html>

Japan Student Services Organization

http://www.jasso.go.jp/index_e.html

ASHINAGA Scholarship Association

<http://www.ashinaga.org/en/>

(4)Hague Convention

①Hague Convention

Ang sistemang ito ay malapit nang ipagpatibay sa bansang Hapon. Ito ay nagsimula noong taong 1983. Ito ay Internasyonal na batas para sa pagpigil ng pagsama ng minor age na bata sa labas ng bansa ng walang pahintulot ng magulang. Kapag ito ay napagpatibay sa Hapon, ang magulang (tatay o nanay) ay nararapat na kumuha ng pahintulot sa magulang na nag-aalaga o tumitingin sa bata. Kapag isasama ang minor age na bata sa ibang bansa. Kapag hindi kumuha ng pahintulot, magbibigay ang korte nang order na ibalik ang bata sa sariling bansa. Para sa mga diborsyado o pinsala ng DV na hindi maaaring makausap ang asawa, maaaring magbago ang

nilalaman ng batas na ito.

②Ang epekto ng Hague Convention sa pagkuha ng passport ng anak.

Ang Ministry of Foreign Affairs o ang embassy ng Hapon ay maaaring hindi pahintulatang makuha ng passport ang batang Hapon kapag walang pahintulot magmula sa parehong magulang.Sa ibang bansa kahit na diborsyado na, parehong magulang ang may custody ng bata.Maaari ring hindi makapunta sa ibang bansa ang minor age na bata kapag walang pahintulot ng parehong magulang.

Website ng Ministry of Foreign Affairs para sa pag-apply ng passport ng minor age.

<http://www.fr.emb-japan.go.jp/jp/ryouji/passport/miseinen.html>

Nagbibigay ang Ministry of Foreign Affairs sa mga minor age nang passport kapag may pahintulot ng magulang na may custody ng bata.Inaayon ng Ministry of Foreign affairs ang consent ng parehong magulang bago mag-issue ng passport.Kapag hindi nagpahintulot ang isang side ng magulang, nararapat na magbigay ng pahintulot ang magulang na may custody ng bata bago mag-issue ng passport.Magbigay ng family registration sa passport office o sa consulado saibang bansa ,na magpapatunay na may custody ng bata at para makuha ng passport at makalabas ng Hapon.

2.Sa ibang bansa natural na may custody ang parehong magulang at labag sa batas na ilabas ang bata sa ibang bansa na walang permisyo ng bawat magulang.Maaaring ma-aresto ng kidnapping sa oras ng pagpasok ng immigration.Mayroong ring mga kaso na wanted ng International Criminal Police Organization.Para sa prevention ng mga disadvantage ng mga Hapon na nasa ibang bansa, kinakailangang magtanong sa bawat side ng magulang tungkol sa pahintulot.

9 .Magmula Karahasan hanggang makapagsarili

(1)Domestic Violence Karahasan

Ang DV ay abbreviation ng Domestic Violence.Ang Domestic Violence ay karahasan magmula sa asawa o sa partner.Sa Hapon, mayroong prevention para sa DV para protektahan ang mga biktima.Krimen at paglabag sa human rights ang karahasan magmula sa asawa o sa partner.Hindi lamang pisikal kundi mental at seksuwal ay

matatawag na karahasan.Kahit sa mag- asawa o sa diborsyadong mag-asawa o boyfriend na kasamang nakatira ay nagiging biktima ng DV.Marami ring mga dayuhang babae na biktima ng DV sa Japan dahil sa hindi pag-uunawa at kaibahan ng kultura.

Mayroong batas sa Hapon para sa pagpigil ng DV.Ito ay mabigat na krimen.Pinangangalagaan rin ng bansa ang mga dayuhang biktima ng DV.

<<Mga uri ng Domestic Violence>>

Pampisikal na karahasan pananakit pampisikal

Mental Hindi pagtulong sa pagkuha o pa-extend ng visa

Hindi pagbigay ng impormasyon hindi pumapayag na mag-aral ng wikang Hapon, pa-limit sa pagkilos, paglimit sa pagkuha ng mga impormasyon.

Karahasan o pang-aapi kasama ang ibang miyembro ng pamilya. Pag-utos para maglinis at mag-alaga ng matandang magulang,pang-aapi ng ibang miyembro ng pamilya ng asawa,pag-aabuso.pagangkin ng anak ng mga biyenan matapos mamatay ang asawa.

Pangekonomiyang pagabuso Hindi pagbigay ng panggastos sa pang-araw-araw na pangangailangan.Pagpigil na pagtrabaho,hindi pagtrabaho ng asawa at umaasa lamang sa kita ng babaeng asawa,pangungutang,at pagggamit ng credit card para sa pangungutang .

Karahasan pangkultura Pagbawal at paglimit na makipag-usap sa kapwa dahuyan, pagbawal sa pagkain ng pagkain ng sariling bansa, pagpilit na gawin ang kultura ng Hapon,paglait at paninira ng bansa o sariling wika.

Karahasang Pangseksuwal Pagpilit para magsex.

Ang lahat na ito ay Domestic Violence.

(2) Pagtakas o pagkawala magmula sa DV.

Kapag ang DV magmula sa asawa o sa nobyo ay lumala, isipin na tumakas at umalis ng bahay.Sa ward office ng tinitirahan ay may Kunsultasyon para sa mga biktima ng DV.Sa ibang mga NGO ay may kunsultasyon rin. Mayroong rin na mga shelter na

maaaring pagtaguan pangsamantala.Hindi inaayon ito sa nasyonalidad ng tao ,kahit sino ay maaaring pumasok sa shelter.Ang DV ay isanmg krimen at hindi masama ang biktima nito.Hindi makakalabs ang lihim na ikinunsulta sa mga pampubliko o pribadaong mga kunsultasyon ng DV. Matapos makatiyak sa kaligtasan, gagawin ang mga ibat't ibang procedures para sa pagpasok ng anak, Protection order, aplikasyon para sa tulong ng gobyerno para sa pangkabuhayan, child-care allowance,dependent child allowance, paglakad ng diborsyo at pag-extend ng visa.

(3) Mga institusyon maaaring pagkunsultahan

①Ospital Magpatingin sa ospital ng mga sugat o pasa na magmula sa DV.Maaarin na kumunsulta sa ospital.Ang ospital ang magbibigay ng mga impormasyon ng mga naaayon sa DV , tulad ng pagsulat ng medical certificate sa mga sumusuporta sa biktima.

②Regional Women's Center para lamang sa wikang Hapon, maaaring kumunsulta rin sa Women's Center.

- Hyogo Prefectural Women's Center "EVEN"078-360-8551 magmula Lunes -Sabado 9:30AM-4:30PM
- Osaka Fu Women's Center " DAWN CENTER" magmula Lunes hanggang Biyernes 10:00AM-4:00PM at magmula 6:00PM-8:00PM , Tuwing Sabado at Linggo magmula 5:00PM-8:00PM Tel. 06-6937-7800
- Kobe City Women's Center "ASTEPPU KOBE" magmula Martes hanggang Sabado 10:00AM-12:00PM at 1:00PM-4:00PM Tel. 078-361-8361

③Welfare office Sa bawat welfare office ay nagsasagawa ng kunsultasyon para sa mga biktima ng DV,kasama na rin ang suporta para maging independent.Sa bawat tinitirahan natin ay may welfare office na maaaring kumunsulta.May mga tauhan rin silang mga babae.Tumutulong sila sa paghanap ng tirahan, paghanap ng trabaho, pag-apply ng mga maaaring matanggap na suporta magmula sa gobyerno na makakatulong sa pamumuhay.

④Pulis Magreport sa pulis kapag nasa panganib ang buhay. Ang telepono ay 110. Ang DV ay isang uri ng krimen. Bago maging malala ang situwasyong dinadanas, importanteng i-report agad ito sa pulis. Kapag sinusundan ng asawa. maaaring mag-file ng restriction order sa pulisya. Maaari ring magpahanap ng ligtas na tirahan para sa pagtakas. Kapag nag-file ng report sa pulisya, maaaring hulihin ang suspect. Sa loob ng department ng pulisya ay may tinatwag na “SAFE LIVING DIVISION”, may mga babaeng tauhan rin ang ibang department nito.

⑤Mga Pangangalaga para sa mga biktima ng DV magmula sa mga support centers.

Sa bawat prepektura ay may mga support centers at mga shelter. Tumutulong sila magmula sa araw ng temporary urgent proteksyon hanggang sa suporta para maging independe. Ito ay maaaring matawagan ng direkta kapag ang karahasan ay malala na. Ang mga lokasyon ng mga shelter ay hindi pinapaalam para sa kaligtasan ng biktima. Iba't ibang pangalan mayroon ang shelter ng bawat prepektura.

HYOGO KEN JOSEI CENTER : magmula 9:00AM-21:00PM (araw-araw) Tel. 078-732-7700

⑥Korte Maaaring mag-apply ng restriction order at protection order para sa DV sa korte kapag nag-aalala. Magpatulong sa kinunsultahan para sa pagkuha ng mga papeles na kailangan sa protection order.

*Restriction order Kapag nag-file nito, hindi maaaring lumapit sa tinitirahan , paaaralan ng anak o tinatrabahuan ng biktima sa loob ng anim na buwan.

*Withdrawal order Kapag nag- file nito. hindi maaaring pumunta o lumapit sa tinitirahan ng biktima sa loob ng dalawang buwan. Ang dalawang buwan na ito ay para madala o mahakot ang mga sariling gamit sa bahay.

<<Ibang institusyon na maaaring kumunsulta sa DV>>

● ASIAN WOMEN'S EMPOWERMENT PROJECT AWEP tuwing Miyerkoles 11:00AM-4:00PM Tel. 078-734-3633

● W · S Hyogo tuwing Huwebes 12:00PM -5:00PM Tel. 078-251-9901

● Women's Net Kobe suporta sa mga biktima ng DV

Lunes, Martes, Miyerkoles at Biyernes magmula 10:00AM- 4:00PM

Tel.078-731-0324

●Kunsultasyon tungkol sa batas Japan Legal Support Center (Hyogo Prefecture Kobe city)

Maaaring kumunsulta tuwing Lunes hanggang Biyernes ,
magmula 10:00 AM-12:00PM at 1:00PM- 4:00PM

Para sa appointment tumawag sa Tel. 0503383-5443

Call center Tel.0570-078374 tuwing Lunes hanggang Biyernes 9:00AM -9:00PM at
Sabado 9:00AM-5:00PM.

(4)Pangangalaga ng mga bata

Child Consultation Center

Maaaring kumunsulta ang mga magulang na nahihirapan sa pagpalaki ng anak na nasa under age ng 18 na taong gulang.Mayroong mga espesyalista at may mga abilidad na tauhan sa institusyon na ito na makakatulong sa biktima ng child abuse.Nasasaktan rin ang mga anak sa nagaganap na DV sa pamilya. Kumunsulta dito para sa kabutihan rin ng anak.Maaaring ipaalaga ang anak ng panandalain rito sa oras na may sakit, diborsyo at iba pang dahilan na nahihirapang alagaan ang anak.

Tel.078-382-2525 magmula Lunes hanggang Biyernes magmula 8:45AM-5:00PM

Tuwing Holiday sa gabi Tel. 078-382-1900.

Pangngalaga magmula sa child abuse

Kapag may child abuse sa isang pamilya, mag-iimbistiga ang officer ng Child and Family Center.Kung nakadulot ng pisikal na pananakit sa anak at naging malaking epekto, ito ay matatawag na child abuse.Sa kasong ito, posibleng mag-utos ang officer ng child center sa pagbawal na makipagkita sa magulang .

Suporta sa pag-aaral

Kapag lumays ng bahay, nararapat rin na magpalit ng paaralan, dahilan dito maraming kasong hindi na itinutuloy ang paglayas sa bahay.Hindi mahirap ang magpalit ng paaralan.Ang bagong paaralan ang mag-aayos ng mga lahat na gagawin para sa paglipat.Ang officer sa child center ang maaaring pagkunsultahan ng mga bagay na ito.

(5) Resident Registration

Sa pagtakas magmula sa child abuse or DV, nararapat rin na lumipat ng tirahan. Pabayaang lamang ang dating address ng bahay para hindi masundan ng asawa. Espesyal na kaso ito na maaaring makipagtulungan ang paaralan na mapangalagaan ang biktima. Maaari ring gumamit ng iba't ibang serbisyo na ang gamit ay ang dating address.

Kapag naging overstay

Habang tumatakas magmulas sa DV o child abuse, may posibilidad rin na maubos ang visa. Sa case ng DV, special consideration na maaaring lumagi sa Japan kahit putol na ang visa habang nagpapa-renew ng visa. Kumunsulta lamang sa immigration tungkol sa address at ang dahilan na nararapat na lumagi sa bansa. Magbibigay nag pulisya ng certificate na magpapatunay na biktima ng DV. Ito ay magagamit para dumali ang mga procedures sa renewal ng visa. Mas makakabuti magpunta na may kasamang officer ng consultation center.

Special permission

Sa mga overstay na may anak sa Japanese, maaaring magbigay ng visa ang immigration dahil na espesyal ang kasong ito. Mahabang panahonang hihintayin, bago magkaroon ng visa. Kumunsulta rin sa kakilalang lawyer, o sa mga NGO muna.

(6) Suporta para maging independent

① Suporta para sa pamumuhay /pampinansyal

Sa pagtakas sa bahay, kadalasan ay walang mga dalang sapat na pera para mamuhay. Sa shelter ay walang bayad ang paglagi, pero ay panandalian lamang. Kumunsulta lamang sa welfare para sa mga maaaring gamiting mga serbisyo ng gobyerno. Mayroong ilang sistema na maaaring gamitin .

Livelihood Support

Ito ay sistema para mga walang sapat na income na hindi maaaring kumuha ng tulong sa mga kamag-anak, o kaya't may sakit o pinsala sa katawan. Kapag napatunayan na hindi kayang tumayo sa sarili, maaaring magbigay ang gobyerno ng pera sa paglipat ng tirahan. Kasama na rin ang pagkain, damit, pag-aaral ng anak at medikal na tulong. Para sa mga dayuhan, maaaring mag-apply ang permanent visa

o long term visa. Mahirap para sa mga overstay ang mag-apply nito, dahilan sa nararapat na mayroong alien certificate. Kung biktima ng DV, maaaring tumanggap nito sa address na pinagtataguan na hindi nakarehistro sa ward office. kumunsulta lamang sa welfare office.

②Government Housing

Sa Prepektura ng Hyogo, mayroong sistema na priority ang mga biktima ng DV na makahanap ng government housing. Biktima ng DV na may protection order (valid less than 5 years), na nangangailangan na pangalagaan magmula sa asawa o nobyo na nangbubugbog, at nakatira sa mga shelter o dormitoryo para sa mga biktima ng DV nang wala pang limang taon ay maaaring makakuha agad ng government housing.

③Dormitoryo para sa mga single mother.

Ito ay institusyon para sa mga kababaihang walang asawa o hiwalay sa asawa na may anak na wala pa sa 18 taong gulang. Maraming mga kuwarto rito, sama sama ang mga iba't ibang single mother na nakatira rito. Maaari ring ipaalagaan ang anak na maliit habang nagtatrabaho. Sa ibang case rin, ay maaaring tumira sa dormitoryong ito, katulad ng mga hindi pa tapos ang pagdidiborsyo. Dito ay mayroong pagkakataon na makaipon ng pera para sa bagong titirahan at mabuhay ng independent.

10. Nasyonalidad ng Hapon at pamimili ng nasyonalidad

(1) Nasyonalidad

Halos lahat ng mamamayan sa buong mundo ay may nasyonalidad. Ang nagpapasiya nito ay ang batas ng bansa. Ito ay nagpapatunay rin na isang miyembro ng isang bansa. Nararapat rin na ganapin at sundin ang mga batas na ginawa by democratic o autocratic na sistema. Nararapat rin nang guarantee ang karapatan ng bawat mamamayan. Ang nasyonalidad ay importante rin para sa relasyon sa ibang bansa. Ang passport ay matatanggap sa sariling bansa at gagamiton para makapasok

sa ibang bansa. Nararapat rin na pangalagaan ng bansa ang mamamayan na nasa ibang bansa.

(2) Ano ang Nasyonalidad mo?

Batas na magpapasiya ng nasyonalidad

Nationality Act

① Bansa ng ipinanganak-kung saan ipinanganak ang anak ,pareho rin ang nasyonalidad.

Ang batas na ito ay ginaganap sa America, Brazil, Canada ,South North America, Newzealand, Australia, at sa isang bahagi ng Europe. Kapag ang isang half Brazil-Japanese na magulang ay nanganak sa Brazil, ang nasyonalidad ng bata ay Brazil nationality. at kapag ang magulang ay half Japanese- American, at nanganak sa America, American citizen.

Kapag hindi Japanese citizen ang magulang, at naganganak sa Japan, hindi maaaring makakuha ng nasyonalidad ang anak.

② Blood-lineage principle-Ito ay sistema na makuha ang nasyonalidad ng magulang. Ito ay ginaganap sa mga bansang tulad ng China, Korea, India, Indonesia, Philippines, Middle Eastern countries at sa Africa rin.

(3) Japanese Nationality Law

① Maaaring makakuha ng Japanese nationality ang bata , kung isa sa magulang ay may nasyonalidad na Hapon. Nararapat na legal na kasal ang magulang o nararapat na magbigay ng recognition na magpapatunay na sariling anak.

② Acquisition of Nationality by Recognition

Mayroong dalawang uri ng recognition ng birth, bago ipanganak at matapos ipanganak. kapag ito ay gaganapin bago ipanganak ang bata, magiging Japanese nationality ang anak na nakabatay sa family registration ng magulang. Kapag ito ay ginawa matapos ng pagpapanganak, nararapat na maghintay hanggang maging 20 years old ang bata para makakuha ng Japanese Nationality sa Bureau of legal

affairs.

③Kapag ipinanganak sa ibang bansa

Kapag ipinanganak sa ibang bansa, maaaring makakuha ng Nationality ng Japan.Kailangan na magreport for nationality reservation within 3 months matapos ipanganak.

Kapag lumagpas ng tatlong buwan, mawawala ang nationality na Hapon.Para sa mga half Japanese- Brazilian , Half Japanese- Filipino maaari ring makatanggap ng nationality, pero karamihan ay hindi nagrereport.

Kapag nawala ang nationality,at nakatira sa Hapon ng wala pang 20 years,maaaring magreport sa Bureau of legal affairs para sa pag-apply ng nationality.Kumunsulta lamang sa mga may kaalaman .

<<Institusyong maaaring kumunsulta>>

JFC network Tel. 050-3328-0143

jfcnet@jca.apc.org

Martes, Miyerkoles, Biyernes 10:00AM-4:00PM

May branch rin sila sa Pilipinas, Maligaya House

Tel/(63-2)913-8913 or (63-2)468-0173

maligayahouse@gmail.com

④Naturalization

Maaaring mag-apply ng naturalization, nararapat na tumira ng mahigit na tatlong taon .Maaari ring madali ang process kapag kasal sa Hapon.Nararapat na kasal ng taltong taon at paglagi ng isang taon bago mag-pply.Maraming kailanagan na papeles,kumunsulta lamang sa Bureau of Legal Affairs.

Maaaring kunsultahang institusyon

Bureau of Legal Affairs tel. 078-392-1821

⑤Dual Nationality

Karamihan sa International marriage ,ay may sariling nasyonalidad ang bawat magulang. Mayroon ring dalawa o mahigit ang nasyonalidad ng magulang .Maraming nagpupunta sa iba't ibang bansa kaya't maraming may dual

nationality.Sa America, kahit hanggang kailan maaaring maging dual nationality,sa China naman ay hindi maaari.May mga bansa rin na gumagamit ng naturalization system tulad ng Switzerland at France. Sa Japan ay maaaring mamili ng gustong nasyonalidad.

⑥Nationality Selection System

Noong taon 2003, Nagtanong ang Kokusai Kekkon o Kangaeru Kai sa Ministry of Foreign Affairs kung ano ang mangyayari sa mga hindi pa nag-file ng Nationality.Kung nararapat na mamili ng gustong nasyonalidad o mawalan ng bisa ang nasyonalidad na Hapon. Ayon sa Ministry of Foreign Affairs wala pang kaso na nangyari ganoon ayon sa patakaran ng pagpili ng Nationality.

⑦Pagkaroon ng Dalawang passport

Para sa dual nationality,nararapat na gamitin ang Japanese passport para sa pag-alis at pagbalik ng Japan.Ang natitirang passport ay gamitin sa ibang bansa lamang.



**Mga Impormasyon para sa mga dayuhang nakatira
sa bansang Hapon**

3-3-8 kaiun-cho Nagata-ku, Kobe-shi Hyogo-ken

Tel/Fax:078-734-3633

E-mail:awep@tcc117.jp

<http://www.tcc117.jp/awep>

*この冊子は、公益信託 神戸まちづくり六甲アイランド基金の助成、および（公財）兵庫県国際交流協会の民間国際交流事業助成制度による助成を受けて制作しています。